




NEW MUSLIM
ACADEMY



Ang Paglalakbay ni Abu Bakr kasama ang Sugo ng Allah ﷺ

Ang paglalakbay ni Propeta Muhammad ﷺ at ng kanyang matalik na kaibigang si Abu Bakr (RA), mula Makkah patungong Madinah, ay isa sa pinakamahalagang pangyayari sa kasaysayan ng Islam. Pagkatapos ng mga taon ng pag-uusig sa Makkah, inutusan ng Allah ang mga Muslim na lumipat sa Madinah, kung saan malaya nilang masasamba ang Allah at makapagtatag ng isang komunidad ng pananampalataya. Nagplano ang mga pinuno ng Makkah na patayin ang Sugo na si Muhammad ﷺ bago pa man siya makaalis. Ipinaalam ng Allah sa Kanyang Sugo ﷺ ang kanilang balak. Upang mapigilan ang masamang balak, inutusan niya ang kanyang pinsan at ampon na si Ali (RA), isang debotong binata, na matulog sa kanyang higaan nang gabing iyon habang tahimik siyang aalis kasama si Abu Bakr. Ang paglalakbay na ito ang nagmarka ng simula ng isang bagong kabanata sa ministeryo ng Sugo ﷺ. Ang pangyayaring ito, na kilala bilang Hijrah, ang magiging panimulang punto ng kalendaryong Islamiko.

Matagal nang inaasam ni Abu Bakr na makasama si Propeta Muhammad ﷺ sa pinagpalang paglalakbay na ito. Nang dumating si Propeta Muhammad ﷺ sa kanyang bahay at ipaalam sa kanya na binigyan siya ng Allah ng pahintulot na lumipat, labis na natuwa si Abu Bakr at umiyak. Inihanda na niya ang dalawang kamelyo para sa paglalakbay, inaasahan ang sandaling ito.

Sa halip na tahakin ang direktang ruta sa hilaga patungong Madinah, si Propeta Muhammad ﷺ at Abu Bakr ay naglakbay patimog upang iligaw ang mga sumusunod sa kanila. Ang hindi inaasahang rutang ito ay nagpagulo sa mga kaaway. Nagpadala ang mga taga-Makkah ng mga bayarang mangangaso, na agad na nagsimulang maghanap sa mga nakatakas. Ang Sugo ﷺ at ang kanyang disipulo ay nanatiling nakatago sa kuweba sa loob ng tatlong gabi habang ang mga miyembro ng pamilya ni Abu Bakr ay palihim na nagdala sa kanila ng pagkain at impormasyon. Ang anak ni Abu Bakr na si Abdullah, ay nangalap ng balita mula sa Makkah sa araw at ibinabahagi ito sa kanila sa gabi, habang ang kanyang kapatid na si Asma ay naghahatid ng pagkain para sa kanila. Ang pastol ng pamilya ay inatasang dalhin ang kanyang kawan sa panginginain upang linisin ang anumang bakas ng paa sa lupa

Palaging inuuna ni Abu Bakr ang kaligtasan ni Propeta Muhammad ﷺ kaysa sa kanyang sarili. Habang papasok sila sa kweba, maingat niyang sinusuri ang bawat sulok at hinarangan ang anumang butas gamit ang mga piraso ng kanyang damit upang maiwasan ang mga mapaminsalang nilalang na makarating kay Propeta Muhammad ﷺ. Habang sila ay nasa kweba, isang pangkat ng mga naghahanap ang lumapit ng napakalapit kaya't nag-alala si Abu Bakr para sa kaligtasan ni Propeta Muhammad ﷺ. Bumulong siya na kung may sinumang humahabol na titingin sa kanilang mga paa, tiyak na sila ay kanilang makikita. Mahinahong sumagot ang Sugo ﷺ, "Huwag kayong magdalamhati; tunay na ang Allah ay kasama natin." (9:40) Pinangalagaan sila ng Allah, at umalis ang mga humahabol nang hindi sila natuklasan.

Pagkalipas ng tatlong gabi, ipinagpatuloy ni Propeta Muhammad ﷺ at ni Abu Bakr ang kanilang paglalakbay sa tulong ng isang bihasang gabay sa disyerto, na bagama't hindi isang Muslim noong panahong iyon, ay isang matapat na tao na may malalim na kaalaman sa mga hindi pa natatahak na ruta sa disyerto. Mahirap ang kanilang naging paglalakbay sa disyerto, kasama ang nakapapasong init, magaspang na lupain, at ang patuloy na banta ng pagkabihag.

Sa paglalakbay, isang insidente ang naganap na kinasasangkutan ng isang bayarang mangangaso. Umaasa siyang mahuli ang Sugo ﷺ at si Abu Bakr upang makuha ang malaking gantimpalang iniaalok ng mga taga-Makkah. Habang papalapit siya sa kanila, paulit-ulit na natisod at lumubog sa lupa ang kanyang kabayo sa kalooban ng Allah. Nang mapagtanto na si Propeta Muhammad ﷺ ay nasa ilalim ng proteksyon ng Allah, hiniling ng lalaki na payagan siyang bumalik sa Makkah at nangakong hindi sila sasaktan. Pumayag si Propeta Muhammad ﷺ at hinulaan pa nga na balang araw ay isusuot ng lalaking ito ang mga pulseras ng Hari ng Persia. Pagkalipas ng ilang taon, matapos pumanaw ang Sugo ﷺ, sa pamumuno ni Umar, natupad ang propesiyang ito.

Si Propeta Muhammad ﷺ ay unang huminto sa labas lamang ng Madinah, kung saan siya nanatili ng ilang araw at itinatag ang Masjid ng Quba, ang unang moske na itinayo ng bagong komunidad ng mga Muslim. Nanatili si Abu Bakr sa kanyang tabi sa buong panahon na ito. Ang masjid ay naging simbolo ng bagong komunidad ng mga Muslim, na itinayo sa pagsamba, pagkakaisa, at pagsunod sa Allah, at si Propeta Muhammad ﷺ ay patuloy na laging bumibisita sa masjid na ito linggu-linggo hanggang sa kanyang kamatayan.

Ang mga taga Madinah ay sabik na naghihintay sa pagdating ng Sugo ﷺ araw-araw. Lumalabas sila pagkatapos sumikat ang araw, umaasang makita siya, at uuwi lamang kapag tumitindi na ang init ng katanghaliang tapat. Sa wakas, kumalat ang balita na dumating na si Propeta Muhammad ﷺ. Sinalubong siya ng mga mananampalataya nang may labis na kagalakan, nagpapasalamat na ligtas na dinala ng Allah ang Kanyang Sugo ﷺ sa kanilang lungsod.

Nang sa wakas ay pumasok ang Sugo ﷺ sa Madinah, pumila ang mga tao sa mga lansangan na umaasang mananatili siya sa kanilang mga tahanan. Sa halip na piliin ang kanyang sarili, hinayaan niyang magpatuloy sa paglalakad ang kanyang kamelyo hanggang sa huminto ito nang mag-isa — nagtitiwala na gagabayan ito ng Allah sa tamang lugar. Doon, nanirahan si Propeta Muhammad ﷺ at kalaunan ay itinayo ang kanyang moske. Nanirahan din si Abu Bakr sa Madinah, at patuloy na nagsilbi bilang isa sa pinakamalapit na tagapayo at kasama ni Propeta Muhammad ﷺ sa kanyang buong buhay.

Isang mahalagang aral mula sa kasaysayang ito ay ang kahalagahan ng ganap na pagtitiwala sa Allah habang ginagamit ang mga praktikal na paraan upang makamit ang iyong mga layunin. Ang Sugo na si Muhammad ﷺ ay lubos na nagtiwala sa Allah, ngunit maingat niyang pinlano ang bawat detalye ng paglalakbay, pumili ng ligtas na ruta, naghanda ng mga panustos, at pumili ng mga mapagkakatiwalaang kasamahan. Itinuturo nito sa mga mananampalataya na ang pagtitiwala sa Allah ay hindi sumasalungat sa pagpapabaya sa wastong paghahanda; sa halip, ang kabaligtaran ang totoo.

Isa pang aral ay ang kahalagahan ng taos-pusong pagkakaibigan at katapatan. Ang debosyon ni Abu Bakr kay Propeta Muhammad ﷺ ay ganap na nakabatay sa pananampalataya at sa kanyang pagmamahal sa Allah at kay Propeta Muhammad ﷺ. Isinakripisyo niya ang kanyang kayamanan, ginhawa, kaligtasan, at maging ang kanyang buhay nang walang pag-aalinlangan. Ang kanyang halimbawa ay nagpapaalala sa mga Muslim na pumili ng mabubuting kasama na magpapalakas ng kanilang pananampalataya upang suportahan ang isa't isa sa panahon ng kaginhawahan at kahirapan.

Sa huli, ang paglipat sa Madinah ay nagtuturo sa atin na ang bawat sakripisyong ginawa para sa kapakanan ng Allah ay may kaakibat na napakalaking gantimpala. Iniwan nina Propeta Muhammad ﷺ at Abu Bakr ang kanilang mga tahanan, ari-arian, at pamilyar na kapaligiran upang mapanatili ang kanilang pananampalataya at maglingkod sa landas ng Allah. Binago ng kanilang katapangan ang takbo ng kasaysayan at inilatag ang pundasyon para sa paglago ng Islam sa buong mundo. Ang kanilang kwento ay patuloy na nagbibigay-inspirasyon sa mga Muslim na magtiwala sa Allah, manatiling matatag sa pananampalataya, at tandaan na sa pamamagitan ng taos-pusong paniniwala at pagtitiyaga, ang Allah ay laging nagbibigay ng daan pasulong.

 **NewMuslimPH**

 **newmuslimph**

 **newmuslimPH**

www.newmuslimacademy.ph